Republic of the Philippines
Department of Justice
BUREAU OF CORRRECTIONS
NEW BILIBID PRISON
City of Muntinlupa
Tel. No. (02) 807-23-68
www.bucor.gov.ph

# SUPPLY AND DELIVERY OF FOOD SUBSISTENCE FOR PDL CONFINED AT NBP & CIW 2019

PhP694,120,500.00
PRE-BID CONFERENCE
Conference Room, BAC Office
January 4, 2019

## I. IN ATTENDANCE

| | |
|---|---|
| CCSUPT. RICHARD W. SCHWARZKOPF, JR. | -BAC VICE CHAIRPERSON |
| CSSUPT. CELSO S. BRAVO | -BAC MEMBER |
| MR. MANUEL SESCAR, JR. MBA, MSCA | -BAC MEMBER |
| MS. MARITES C. MAGTALAS | -BAC MEMBER |
| CO2 QUIN ANNIE J. CABIAS | -BAC SECRETARIAT |
| CO2 MARIA ADORACION I. VIÑAS | -BAC SECRETARIAT |
| CO2 LOVELY C. MARIANO | -BAC SECRETARIAT |
| CO2 SHEILA I. DICHOSO | -BAC SECRETARIAT |
| CO2 EMMYLOU P. MIRANDA | -BAC SECRETARIAT |
| ATTY. FREDRICK SANTOS | -HEAD, BAC TWG |
| CTOII ALEXIS CATINDIG | -TWG MEMBER |
| MS. JULIETA ABONALLA | -COA REP. |
| CCI ROGER BONCALES | -END USER |
| CCI TELESFORO PALISOC, JR. | -END USER |
| COI HYMBERDICK U. LAMAN | -END USER REP. |
| CTSOIV AMJONETTE BATAD | -TWG |
| CTOIII LEILA REONAL | -TWG |
| BERNIE MATIGNAS | -EDCT |
| ATTY. HERBERT J. BLAS | -MKSI |
| RANIEL BARCASORA | -MKSI |
| ANGELINA BAUTISTA | -V&J TRADING |
| VICTOR G. RITO | -V&J TRADING |
| NATHANIEL JOQUIÑO | -V&J TRADING |
| M.J EVANGELISTA | -EDCT |
| ROBERT BERNAS | -EDCT |
| MARK ALOUGIL A. ALMARIO | -AFS EATERY |
| ROMEO MARTIN, JR. | -AFS EATERY |

## II. CALL TO ORDER

The meeting was called to order and presided by the BAC Vice-Chairman CCSUPT. Richard W. Schwarzkopf at 09:00 A.M.

## III. HIGHLIGHTS OF THE PRE-BID CONFERENCE

**CSSupt Bravo**: Good Morning everyone and Happy New Year! And also we would like to introduce our new Vice Chair for the Bids and Awards committee of the BuCor New Bilibid Prison, Chief Superintendent Richard Schwarzkopf.

**CCSupt. Schwarzkopf, Jr.:** Good morning everyone Happy new year.

**CSSupt Bravo:** Maging comfortable lang po tayo, may I acknowledge the presence of theOfficer In-charge of the Maximum Security Compound Major Roger Boncales, Officer in-charge nang Minimum Security Compound si Major Palisoc ang Medium wala pa. One of our Resident Auditor ma'am Juliet at saka kami po ang Old faces sa BAC, member ang Technical Working Group CTOII Alexis Catindig from my left Mr. Jun Sescar and Madam Marites Magtalas from the Doctrine Development Division. We would like to recognize the proponents from Mang Kiko headed by Attorney Blas, from V&J headed by Ma'am Bautista, from EDCT Mr. Bernie and the other hindi ko na kilala.

**CTOII Catindig:** Yung pag cancel nang ating public bidding ay kaya po na delay is gusto sana ni Sir (DG) ay baguhin yung Terms of Reference nangating specifications so gusto niyang i-maximize yung sixty pesos, after deliberation pinag-aralan ng BAC base sa 9184 hindi pala talaga puwede so LCB pa rin tayo, nag present kami ng TOR sa kanya may binago ang BAC sa mga wordings iyon lang ang i discuss namin sainyo kaya inabot ng mga delays and consider the holidays.

Meron ba dito new bidders? Sino ba hindi naka attend noong unang pre-bid? So wala, ang pre-bid natin ngayon tanungan lang tayo kasi na discuss na natin noong nakaraang pre-bid ang documents to be submitted tapos yung mga request nyo na hindi pa natin na i-supplemental na mga changes katulad po noong SLCC at saka ibang component ng TOR katulad ng offsite storage system may mga binago tayo diyan so kung may question i-raise nyo lang po at pagkatapos natin pag-usapan ang pre-bid pag-usapan natin ang inyong mga letter. Sir grant na ba natin officially ang from 2 years to 4 years SLCC? Kasi nag usap ang old BAC tungkol dito to encourage other bidder to participate sa public bidding.

**CSSupt Bravo:** Dito po sa number eight sa quantity and quality ang food kadalasan palaging nagbabago nagre-request sila ng change of menu hindi talaga in accordance sa ten days' cycle menu. Ano po ba ang gusto nyo diyan i-suggest? Paano nyo ba masusunod ang exact quantity based on the ten days' cycle menu? Sa experience natin madalas nangyayari ito sa medium. Hindi ba napag usapan na natin dati iyong pag papalit nang menu? Sa FIT ano nga yong na i-suggest nyo dati?

**CSTOIV Battad:** Sir halimbawa po hindi available for example ang vegetable na intended for the day pwede palitan pero vegetable pa rin tapos within the ten-day cycle menu kumbaga pinag palit lang ng araw kumbaga hindi nila ma i-serve ngayong araw na ito kukuha sila ng menu sa ibang araw pa rin po within the cycle menu.

**CTOII Catindig:** So ibig sabihin Sir kung iyong menu nang day one kung mag change ka iyong pang day three or kaya iyong pang day four puwede mo'ng gamitin, change menu

**Atty. Santos:** Pero bakit kaya nangyayari diba meron tayong provision diyan na at least meron kayo five days or fifteen days na buffer?Siguro unreasonable iyon kung kaagad na magpapalit at least dapat ma justify mo na kung five days naubos mo na dahil na bagyo hindi maka baba galing sa baguio or may isda may fish kill or kung tahong man iyan may red tide mga ganon diba dapat meron siyang ano dapat reasonable iyong ano puwede naman kaya

lang dapat reasonable at saka kung iyong days na buffer nya dapat ma i-justify nila na wala na exhaust na lahat iyon.

**CTOII Catindig:** Kasi Sir na i-program na nila lahat ang kanilang menu.

**Atty. Santos:** Alam ko may buffer na ilang days yan e. Ilan ba nilagay natin?

**CTOII Catindig:** Five days sa perishable goods seven days sa non-perishable goods.

**Atty. Santos:** Hindi ba nakakapag pahaba yang perishable goods na yan kung may storage? Ano kaya naging dahilan bakit nag papalit nang menu?

**Ms. Bautista (V&J):** Sir sa case namin sa CIW nag change ng menu dahil doon sa ginataang gulay kasi gabi siya Sir marami silang nag dumi so sila po mismo ang nag re-request na iyong pang lunch iyon ang maging pang gabi,request talaga ng buong inmates.

**CSSupt Bravo:** Dapat pag-aralan ng nutritionist natin.

**CSTOIV Battad:** Sir ang schedule lang ang pinalitan hindi iyong menu.

**Ms. Abonalla (COA):** Iyong buffer nyo wala bang three days?

**Atty. Santos:** Siguro higpitan natin.

**Ms. Abonalla (COA):** Walang person na in-charge doon?

**Ms. Bautista (V&J):** Kaya po kami ma'am actually po noong nag start kami doon hindi po talaga kami ang ginawa po namin ma'am nag stock kami iyon po power supply po ng CIW hindi naman po namin puwede paki alaman kasi noong pinaki alaman po ng electrician namin maraming mga iba-ibang power outlet so ang ginagawa namin ma'am dahil malapit lang naman ang stockage namin hindi po kami nag i-stock ng food.

**Atty. Santos:** May taga CIW? Wala, pano natin malalaman?

**Ms. Dizon (MKSI):** Sir kaya nga under sa technical specifications na provision dapat ang bidder ay may off site cold storage to assure na mayroon kayo'ng enough stock para pakainin iyong PDL's na should be accredited by DA kasi iyon din po ang sasagot para maiwasan ang substitution or changes ng menu kaya nag agree kami doon sa provision nyo na dapat meron kayong provide na off site storage.

**Atty. Santos:** Reasonable naman iyon kasi iyon ang pinag-usapan natin e iyong menu non-availability, buffers. Ano'ng mas maganda para fair sa lahat?para hindi nagpapalit palit.

**Ms. Dizon (MKSI):** Sir like sa amin sa maximum 20 thousand inmates I think the BuCor has no enough space para po i-accommodate yong buffer na good for 3 days na perishable and 7 days like sa loob nang general kitchen Sir it doesn't mean that ideal ang temperature ng storage kaya nga we prefer to use the frozen stage mas ideal kasi mas mas safe instead mag stock ng fresh kasi masisiraan tayo so yong food safety naman ang mag suffer.

**Atty. Santos:** Ako I suggest lang kasi para naman hindi sa may pinapaboran ako o hindi pinapaboran kasi nagtalo na naman sa food storage kung meron o wala pwede naman doon sa availability nang food storage natin halimbawa CIW

kaunti lang naman yan kung available sya pwede naman yong three days doon kasya pwede siguro yon, or kung sa off site kung hindi naman available tayo or kung kaya naman sa loob pwede naman katulad nang sinabi ni maam na hindi kaya hindi naman kaya kailangan nang labas parang ganoon. Wala ba ang CIW?

**CSSupt Bravo**: Wala talaga ang CIW.

**CTOII Catindig:** Gawin nalang natin off site and cold on site storage system pwede doon sa labas pwede rin naman sa loob kung sa cold storage system sinabi ng supplier kaya i-stock dito sa loob nang kitchen namin so kung maliit lang naman yong camp nya.

**CSSupt Bravo:** Ako ang suggestion ko lang ay if I may chief, Sir, ang makakuha talaga dito considering kung totoo nga yong twenty thousand na inmate natin dito sa loob dapat may off site talaga dito.

**Atty. Santos:** Depende talaga sa lugar.

**Ms. Magtalas:** Depende sa number of people.

**Atty. Santos:** So, are we on an agreement? Na gawin natin yon?

**Ms. Abonalla (COA):** Depende naman sa inyo pero sa lahat kasi unfair naman kung sa iba lang.

**CSSupt Bravo:** Sabagay maliit lang naman na off site freezer iyong kailangan dito.

**Atty. Santos:** I will take down that into consideration ang sa off site considering ang bawat suggestion.

**CSSupt Bravo:** Sir meron lang ako isa pang suggestion doon sa exact quantity nang food base doon sa ten days' cycle menu if ever na mag karoon sila ng deviation or changes we will immediately subject that for investigation if justified iyong kanilang pagka ano and then if not we will give the necessary sanctions.

**Atty. Santos:** Ano iyong sanction? Hindi naman natin pwede paalisin kaagad yan dahil mag bidding na naman ulit tayo.

**CSSupt Bravo:** Maybe that would be a first offense, second offense and then ang third offense ay violation of contract na iyon.

**Atty. Santos:** Lalagyan natin ng provision or monetary consideration na ito ang penalty kung ano ang damages nya.

**CSSupt Bravo:** Para maiwasan talaga ang change of menu.

**CTOII Catindig:** Saan natin ipapasok yan Atty ipapasok natin iyan sa bidding document o sa contract?

**Atty. Santos:** Sa contract wala sa bidding yan e.

**Atty. Blas (MKSI):** Sir pwede naman din sa bond.

**Atty. Santos:** Puwede naman yon regardless sa bond doon naman sa payment naman iyon dahil iyong process how to do that iyon ang nasa or when or why we

will do that pero kasi iyon naman talaga ang sumasagot kaya nga may bond warranty iyon e.

**Ms. Abonalla (COA):** Doon sa ten days' cycle menu, example doon sa first day hindi mo ma serve kukuhanin mo doon sa third day ganon ba? Or hihingi muna ng request?

**CTOII Catindig:** Usually po may request.

**Ms. Abonalla (COA):** Paano naman ang pagkain kung while processing the request?

**CTOII Catindig:** Hindi naman the next day e magpapalit kana kaagad ng menu kasi kung ikaw ay caterer alam mo na iyong ipapakain mo the next two days or three days siguro projected mo na iyon e kaya nga tayo may stock ng pagkain kasi projected mo na yong iyong ipapakain alam mo na yong ipapakain mo or may stock kana sa ipapakain mo within the next three days. So kung ikaw man ay walang makukuha na stock for the next three days siguro naman ay mayroon ng approved request para sa mga susunod na araw bago ka makapag palit nang menu

**Atty. Santos:** Pero sino ba nag approve pag change of menu?

**CSSupt Bravo:** Superintendent Office.

**Atty. Santos:** Pero sa akin lang oo nga may buffer pero hindi mawawalan nang possibility na immediate siguro dapat ang nag check hindi sya tao kung hindi sa pwesto o kung sa tao may alternate sya kasi minsan inaangal din nila matagal yong approval siguro talaga dapat religiously mayroon tayo substitute alternate ganoon din sa pi-pirma kasi hindi naman rin lagi nandiyan ang pi-pirma puwedeng nag seminar or nagkasakit.

**CSSupt Bravo:** Pero puwede rin yan Attorney thru the recommendation of FIT?

**Atty. Santos:** Oo pwede rin naman may provision talaga na ganoon, pero kung simula sa FIT halimbawa si ma'am Amjo kung wala siyang alternate na pi-pirma kasi halimbawa nasa seminar sya or may official business siya kailangan may alternate talaga lagyan natin ng ganoon halimbawa pi-pirma sa camp halimbawa Overseer, COG, OIC, e paano kung wala yong isa? Kailangan may delegation siguro ilalagay natin iyon mas maganda sa contract para safe naman iyong mga ano natin at saka naging dahilan rin kasi "matagal hokaya pinalitan namin alangan naman hindi kakain yan".

**Atty. Santos:** Sino ba ang FIT natin ngayon? Ang FIT ba ay para sa lahat? Bawat camp ba may FIT? Ano sya talagang grupo?

**Atty. Santos:** Ang FIT ang alam ko team sya ang kanilang dietician kung ilalagay natin iyong Overseer, COG, OIC at saka representative nang mga PDL.

**CSSupt Bravo:** Mayroon tayong nilagay diyan na outside.

**Atty. Santos:** Random yon mayroong ganon ano ba yon? Consultant ba yon? At saan sya papatak?

**CSSupt Bravo:** Si DG may order.

**Atty. Santos:** Pero meron tayong outside na auditor na titingin.

**CSSupt Bravo:** So okey na po ba tayo sa number eight? Mēron pa po ba tayong question dito? Doon po tayo sa number nine which says that "the winning bidder should ensure the quality of food to be served which is commensurate in accordance with the provision of GAA 2019 Food subsistence for PDL" although ngayon recycle pa po yong ano natin kasi ano nalang naman itong ginagawa natin short of award wala pa ho tayong GAA nang 2019 isa po sa tanong iyan nang EDCT ito po sa number one"the application of provision of the GAA for 2019 is yet there is no GAA for 2019 yet at this time hence the application of something that does not yet legally exist could be misleading".

**Atty. Santos:** May presumption iyan kasi re-enactment iyan doon po tayo sa sixty kasi iyon ang meron na.

**CTOII Catindig:** Ang sinasabi kasi nila diyan ay seven-point two wala pang approved APP wala pang GAA ang sagot naman diyan ay seven-point six.

**CSSupt Bravo:** Kasi ang nakalagay dito we attention the BAC for the provision revised IRR which states "no procurement shall is to be undertaken unless it is in accordance with the approved APP including approved changes".

**CTOII Catindig:** Ang sagot niyan sir nasa 7.6.

**CSSupt Bravo:** Short of award naman iyong sa atin kaya okey ito, hindi pa naman natin i-award iyan.

**Atty. Santos:** Pero ang problema sa kanila hindi sila makakapag intelligently formulate their ano kasi paano pag naging seventy.

**CSSupt Bravo:** I believe na they can request for it kasi ano yan e it was held relative to that case iyong rubio vs. supreme court na nag request sila ng adjustment kaya lang iyon security agency iyon.

**Atty. Santos:** Pero kasi ang tanong short of award e mayroon na syang LCB.

**CSSupt Bravo:** Kaya mayroon tayong leeway diyan iyong three-month period natin na notice of extension doon mo maipapasok yan.

**Atty. Santos:** Wala naman problema yong sa atin e yong sa kanila kung how can they diligently formulate their bid kung sa seventy ba o sa sixty total re-enactment sya iyon ang deemed sa ngayon kasi ngayon mangyayari yan e kaya doon tayo sa sixty.

**CSSupt Bravo:** Sa sixty tayo kapagka nagkaroon nang katotohanan yong seventy puwede naman sila gumawa ng legal remedies kasi wala naman tayong masasabi ngayon doon.

**Atty. Santos:** So sixty parin tayo iyan ang ibig sabihin nang commensurate.

**CTOII Catindig:** So although wala pa tayo floor price dito sa ating public bidding pero sana po naman huwag naman po maapektohan ang quality and quantity of food to be served kawawa po iyong mga PDL natin so ibig sabihin mag dive tayo sabihin natin kaya kong pakainin yan ng ganitong amount pero iyong quality of food na i-serve natin katulad nang rice e masyado na po hindi ganoon ka ganda kaya nga yong FIT natin dapat matibay matatag kailangan yong reporting natin kasi kung wala tayong report ibig sabihin

okey walang problema kasi iyon lang ang magiging reference lang ng BAC kasi blind ang BAC diyan e, ang BAC naman hindi naman nila nakikita ang pagkain kasi trabaho naman nang FIT so kung silent ang FIT ang alam ng BAC okey ang pagkain so pagka sinabi nang FIT na bigas nito ay pangit mayroon kayong written report so may pagbabasihan ang BAC so next time kapag sumali si bidder number one alam na natin na hindi sya maayos mag pakain hindi tayo pwedeng kumuha nang isang supplier na hindi maganda mag pakain.

**Ms. Magtalas:** Ang suggestion ko sana para sa mga OIC sa mga camps sila mismo sana kung may nakikita silang hindi maganda mismo sa kanila manggagaling mag report sila kasi para kaming BAC sila ang i-blame namin.

**Atty. Santos:** Wala na ang BAC doon implementation na yon e.

**CSSupt. Bravo:** Puwede naman nating gawin iyon.

**CCI Boncales:** Wala na kasi OIC kung ilalagay nyo OIC walang pi-pirma na OIC ang tawag na ngayon sa kampo ay Chief.

**Ms. Magtalas:** Kasi katulad noon last year naririnig ko may reklamo sa medium pero puro salita lang puro verbal walang written so paano ma aksyonan yon?

**CCI Boncales:** Kasi maam wala naman sinubmit na daily wala naman food inspection team ng kampo for example sa maximum so bago naman yon nakakarating sa akin dumadaan narin sa kanila nainspection na at the same time mayroon physical na pagkain at mayroon pa pictures na pinapakita.

**Ms. Magtalas:** Kaya nga noong kami nag meeting ang BAC sabi namin hihigpitan yong ano ng FIT o kung sino-sino member nang FIT higpitan nila para yong quality ng pagkain hindi nag suffer yong mga inmate.

**CCI Boncales:** Actually dito sa amin wala naman problema kasi everytime na mayroon problema mayroon representative na katulad nong minsan nagkaroon nang problema doon sa rice mabilis daw mapanis so na resolve naman kaagad.

**CCI Palisoc :** Nangyari yan sa Minimum hindi maganda yong bigas pero bago ko malaman naka pirma na yong mga ano natin doon sino paniniwalaan ko doon?

**CCI Boncales:** Kasi yong sinasabing madaling mapanis upon investigation na pinagawa ko sa commander nang maximum security force so pagkakuha nya ng kanin nilagay nya sat upper ware nya considering na plastic yan tapos tinakpan talagang 100% mapapanis yon

**CTOII Catindig:** Kasi hindi naman rin maiwasan yon baka pagkakuha nila ng bigas baka pangit ang quality huwag na sigurong ulitin yong ganong klaseng quality

**CCI Boncales:** Kaya ginagawa namin ina-advise namin once na makuha ang rancho nila huwag na munang takpan hayaan na muna na sumingaw kasi pag tinakpan mo mainit magpawis talagang mapapanis e kakainin pa nila mamaya pang tanghali.

**CTOII Catindig:** Kaya po nilagay natin yong commensurate na word ibig sabihin tapatan nyo iyong amount na nasa GAA nang the best quality na maibibigay natin so ibig sabihin anong purpose mo to lower your bid? Is para manalo pero

pag hindi mo naman na i-serve yong best quality nang pagkain so ang nag suffer ang PDL.

**CSSupt. Bravo:** Ito yong copy ng report nang food service supervisor with regards to the satisfaction or satisfactorily performance ay very satisfactory pala ito sa Mangkiko sa maximum sa medium naman satisfactory pero mayroon din nakalagay dito na "despite being to provide food for the PDL of the above mentioned camp however, it appears that it failed to comply the sanitary permit" doon sa medium.

**CTOII Catindig:** Isama natin yan mamaya kasama ang lahat nang mga permits and mga licenses.

**CSSupt. Bravo:** Ito sinubmit nang December 12 na received namin nang December 17.

**Atty. Santos:** Dapat ilagay natin sa contract monitoring hindi lang pala FIT yong ating nag inspection meron din aspect nang facility nang GSD kasi nakalagay basura lalagay naman natin sa contract, yong inspection ng halimbawa nag facility or kung yong sa storage, tubig, hygiene may mga daga daga mga ganyan yung basura kasi yon mga yon nakalagay naman.

**CSSupt. Bravo:** Ang wala tayo yong sa CIW.

**Atty. Santos:** Parang ang FIT sa pagkain yon naman ang sa facility yong team na yon.

**CTOII Catindig:** So ibig sabihin kung nakalagay diyan na twice a year tayo mag papa check nang ating tubig hihingiin po natin yan twice a year ibig sabihin kung talagang nag papa test tayo nang tubig o kung nagpa fumigate tayo so dapat mayroon office in-charge doon sa mga bagay na yan kung sino tapos doon sa contract doon natin ilalagay sabi ni Attorney.

**Ms. Dizon (MKSI):** Kasi sir naka indicate naman din sya doon sa technical then nag comply naman po si bidder hindi po ba yon valid?

**CTOII Catindig:** Itong pinag uusapan kasi natin is kung sino ang mag check kung ginawa talaga ng supplier o hihingi tayo ng mga certification, sino nag conduct ng testing so kung nakalagay diyan semi government ang magpapa test so kailangan nasa certification na nanggaling sa city health office tapos yong mga workers nyo kung mayroon na mga certification na nanggaling na sa hospital na fit ba sila para mag trabaho doon sa kitchen baka may mga TB hindi natin alam e so dapat may mag check nyan so mayroon siguro taga hospital, mayroon taga GSD, OIC office so hindi lahat sa FIT pala.

**CCI Boncales:** Pero as experienced for more than two years na chief ng maximum regardless kung sinong catering ginagawa yong sinasabi nyong fumigation yong water treatment at marami pa kasi dumadaan yon request e ng mga personnel na gagawa nong mga ganong activity so ginagawa talaga.

**CTOII Catindig:** Ginagawa nga Sir kaya lang problema sa part ng BuCor wala talagang responsible na opisina para doon sa pag check nang ganon so kailangan nasa contract sino ba talagang opisina ang responsible dito kung ito ba talaga ay ginawa nila so para pag nag tanong ang BAC para may reference kung nag comply ba talaga ang bidder or contractor doon sa technical specification.

**CSSupt. Bravo:** Gagawin na natin lahat yan kailangan documented.

**CCI Boncales:** Mas maganda talaga kung may OPR na team pero presently as experienced nga namin ay kita naman namin na ginagawa talaga.

**CSSupt. Bravo:** So Attorney I believe nasagot na natin partly ang #1 na query ng EDCT Mr. Bernie yong number one nyo short of award naman yan kaya nga naman nag conduct tayo nang pre-bid so yong number two nila attorney yong tungkol sa fifty percent.

**Atty. Santos:** Pasensya na hindi ko kayo masagot kasi hindi ako BAC pangalawa, mayroon ng case na ganyan na nasa taas kaya ayaw ko mag comment diyan ngayon depending on the wisdom of the BAC kung sila ay mag fifty or twenty-five or whatever I submit to their discretion.

**CSSupt. Bravo:** Sinagot ko attorney na until and after the decision has been made by the commission and audit central office the BAC will stand by the latter findings sa fifty percent yon po yong stand ko I don't know with the other member.

**CCSupt. Schwarzkopf,Jr.:** Sabi kasi ni superintendent Bravo na stand nya yon is this a stand of the DOJ? Or GPPB?

**Atty. Santos:** DOJ is fifty.

**CSSupt. Bravo:** Doon ako sa stand ng DOJ na fifty.

**Atty. Santos:** Question of law ito e kaya ayaw ko mag comment.

**CSSupt. Bravo:** Ang akin lang I'll go with GPBB kasi last time na bidding natin fifty din iyon.

**Atty. Santos:** Ang pinag uusapan doon whether expendable yon po ang issue dito so kung ang food subsistence ba expendable sya o hindi so kung expendable sya twenty-five sya kung hindi fifty kaya lang po kapag inaantay natin yon matatagalan sya so kung may problema doon po sa fifty i-elevate nyo sa BAC , gusto ko nga madisisyonan yan e kasi nag twenty-five ako e and during that time sa tingin ko kasi BAC ako kaya yon yong point kaya ayaw ko magsalita e ngayon yon yong kanilang stand at kung mayroon po tayong query papel nyo nalang po kasi kung hindi, hindi tayo matatapos.

**CSSupt. Bravo:** Iyon ang kanilang query doon sa letter but we inclined to stand by the opinion of the department of justice and also the opinion of the COA.

**Atty. Santos:** Ipadala nalang po sa kanila para kung mayroon silang remedy.

**Bidder:** Ang opinion kolang sir if the purpose of the extension I don't think that it would only benefit the incumbent Sir.

**Atty. Santos:** Pareho po tayo kaya lang hindi po tayo ang korte pero puwede nyo naman I raise yan sa korte ang two and four years kasi kung hindi po natin masagot hindi po natin matatapos.

**CSSupt. Bravo:** Iyong huli nilang issue diyan yong nasagot narin yata natin na yong sa off site cold storage.

**Atty. Santos:** So are we inclined to grant them para masagot din sila.

**CSSupt. Bravo:** I refer parin natin yan kay DG.

**CTOII Catindig:** Nasa twelve point one "statement of bidder SLCC is similar to the contract to be bid in accordance with the instruction to bidder clause five-point four within the relevant period as provided in the BDS" so discretion po sya nang BAC depende po sa napag usapan wala naman po diyan kung two years or four years. Actually ang ano ng GPPB not to limit the suppliers to participate more on encouraging so kung ang GPPB ganon ang concept nila bakit ang BAC hindi kaya nga ang purpose nang pre-bid nag uusap tayong lahat una ano po ang purpose nang two years? Ang purpose po nito ay to limit the other bidders so why not extend to encourage more bidders. Dapat maglabas ang GPPB nang special procurement nag dito lang sa BuCor.

**Atty. Blas (MKSI) :** Ako Sir I can understand iyong fifty percent na requirement kasi yong fifty percent iyon yong capacity nang supplier to provide yong services na kanilang bid kasi kung twenty-five percent yong guarantee ng government that the supplier will be able to provide what is promise under the contract medyo mas mababa yong guarantee.

**CTOII Catindig:** Pero kung titingnan yong parehas naman pwede depende sa application depende sa BAC.

**CSSupt. Bravo:** Hintayin natin ang decision ng COA kasi dati naman four years tapos naging two.

**CTOII Catindig:** Originally two years tapos naging four years, flexible naman kasi depende kung anong reason kung bakit pahabain at anong reason kung bakit paiiksiin.

**Atty. Santos:** Same is through with the fifty.

**CCSupt. Schwarzkopf,Jr.:** Attorney may sasabihin lang ako doon sa fifty and twenty-five kasi before talagang nag twenty-five percent yan but we cannot go against the legal opinion of the DOJ kaya ang magiging stand dito since I'm here doon parin sa legal opinion parin nang DOJ na inilabas and we were obliged to obey their legal opinion.

**CSSupt. Bravo:** Ang tanong ko lang attorney doon sa CIW meron bang on site cold storage doon facility?

**Ms. Bautista (V&J):** Freezer lang po sir kaya mayroon kaming off site kasi nag fluctuate din po ang kuryente doon.

**Atty. Santos:** Pakisulat nalang po kung bakit kayo nag off site.

**CSSupt. Bravo:** Attorney yong number four pinadagdag ni Sir yan.

**Atty. Santos:** Ito naman for their information tayo ang gagawa nito.

**Atty. Blas (MKSI):** Iyong sa amin pong clarification.

**CSSupt. Bravo:** Ang gusto ng Mangkiko I clarify yong mga sasali na talaga dapat ano na dapat similar lang dapat doon sa food catering mismo or food subsistence business.

**Atty. Blas (MKSI):** Base doon sa definition nang similar contract.

**Atty. Santos:** Kasi nga broad yong definition e talagang ganon ang reason behind that kasi nga nali-limit doon sa fifty sabi ni sir kasi parang hindi sya tailor fit kasi widest dissemination kaya lang without prejudice to the other qualification kaya ganon anyway may post qualification pa naman yan.

**CSSupt. Bravo:** Malilimit din natin yan halimbawa sasali jan farmer I believe hindi nya kaya abutin yong requirements.

**Atty. Blas (MKSI):** We understand your position, sir yung undertakings doon sa technical Requirements.

**Atty. Santos:** Malinaw naman yong mandatory nya e pass or fail presence or absence lang.

**Atty. Blas (MKSI):** Iyong tungkol po sa mga special conditions like for example yong sa off site storage if it would be required for all the lots kasi ang nakalagay doon undertakings lang.

**Atty. Santos:** Sa post qualification nalang yon sir kasi ibig sabihin hindi pa hinahanap doon sa opening e nirequire na presence or absence tayo pagkatapos nyan LCB pagkatapos nyan post qualification we will follow the process after post qualification kung nalaman na wala o disqual sya well go to the next sayang nga lang ang oras pero yon ang process e ako yon ang stand ko.

**CSSupt. Bravo:** Kaya nga nandiyan ka attorney to guide us kasi yan ang expertise mo e.

**Ms. Abonalla(COA):** Diba doon sa comply nyo mayroon kayo dati nakalagay din doon na no need to submit sa post qualification nalang.

**CTOII Catindig:** Ibig sabihin po diba pag ikaw ay may catering mayroon kana din dietician yon ang existing what if one year akong walang catering wala akong business pero mayroon akong single contract within the last two years ibig sabihin mag hire ako nang dietician meron akong off site cold storage system existing so kung gagawin natin yon pinahihirap natin yong bidding procedure ibig sabihin bakit hindi natin pagaanin paluwagin yong bidding procedure tapos doon sa implementation natin higpitan kasi yon ang kailangan para makuha natin ang value nang pera natin.

**Atty. Santos:** Atsaka mayroon omnibus sworn statement na lahat ng sinasabi nila ay nandoon na comply nila.

**Ms. Abonalla (COA):** Pinupuntahan ba nang TWG yon katulad nong off site cold storage?

**CTOII Catindig:** Opo ma'am pero hindi naman porket nanalo sya ay kailangan na nya agad nang cold storage pwede naman upon post qualification na sya magkaroon.

**Bidder:** So ibig sabihin pwede ma i-award sakanya kahit wala sya off site cold storage?

**Atty. Santos:** Pwede, pwede nga umarkila sya kasi wala din sinasabi na kailangan owned ang sinasabi lang kailangan mayroon ka.

**CTOII Catindig:** Ma consider ba natin kung mag present sila ng freezer?

**CSSupt. Bravo:** Puwede kung gaano kalaki kung kaya bang mag imbak nang pang ilang araw.

**Atty. Santos:** Depende din sa capacity.

**Atty. Blas (MKSI):** Kasi po I remember isa po sa mga observations nang COA kasi yong mga failure ng existing suppliers to comply with the special conditions of contract mga permit so that's why we suggested.

**Atty. Santos:** Post qualification documents po yon kasi nakalagay sa ominibus sworn statement na kino comply nila yon, yon ang equivalent non sa opening na mayroong ganon.

**CSSupt. Bravo:** Para maging maayos yong pag deliver ng ating mga suppliers If I may I don't know kung ito din ang magiging opinion ng ibang BAC members na maging quarterly na yong submission nang performance rating nila hindi yong end of the year lang kasi parang macompromise na tayo doon sa end of the year rating lang kasi wala tayong record nong bawat quarter halimbawa first quarter o second quarter may violation natatabunan kaya kung halimbawa end of the year lang tayo mag submit ng performance rating, dapat frequent yong evaluation I moved that the suggestion be made para ma include sa contract.

**Ms. Magtalas:** I second the motion.

**CCSupt.Schwarzkopf,Jr.:**It has been moved and seconded the motion be approved.

**Atty. Santos:** Copy furnish ang COA para transparent tayo.

**CCSupt. Schwarzkopf,Jr.:** Meron pa po tayong mga additional query with regard to our activity for today's pre-bid? There being non? Meeting adjourned.

## V. ADJOURNMENT

There having no other clarifications to be made, the conference adjourned at around 12:00P.M.

Taken and prepared by:

**CO2 QUIN ANNIE J. CABIAS**
Member, BAC Secretariat

Checked by:

**MR. WILLIAM M. TERRADO**
Head, BAC Secretariat

Concurred by:

ABSENT

**CSSUPT. CELSO S. BRAVO**
Member, BAC

**CTSUPT. ELSA A. ALABADO**
Member, BAC

**MANUEL L. SESCAR, JR.,MBA, MSCA**
Member, BAC

**MARITES C. MAGTALAS**
Member, BAC

**CCSUPT. RICHARD W. SCHWARZKOPF, JR.**
Vice-Chairperson, BAC

ON LEAVE

**CTCSUPT. RESURRECION S. MORALES,PhD**
Chairperson, BAC